# Karapatan ng Mga Bata sa isang Malusog na Kapaligiran sa Rehiyon ng ASEAN

## Mga Prinsipyo at Gabay sa Patakaran







## Ano ang mga karapatan ng mga bata?

Ang mga karapatan ng mga bata ay kung ano ang dapat na mayroon o kayang gawin ng bawat bata upang magkaroon sila ng magandang buhay. Kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang maging ligtas at magkaroon ng ligtas na lugar upang mabuhay, ang karapatan sa edukasyon, at ang karapatang makapagsalita tungkol sa mga desisyon na makakaapekto sa kanila. Sa isang mahalagang kasunduan, nangako ang mga pamahalaan na tiyaking mapoprotektahan ang mga karapatang ito ng mga bata.

## Ano ang isang malusog na kapaligiran?



Ligtas na klima para sa lahat at bawat nabubuhay na bagay

Magkaroon ng masustansyang pagkain at mamuhay sa malinis na lugar kung saan makapag-aral nang maayos at makapaglaro



Malinis na hangin na malalanghap at malinis na tubig na maiinom





Mga sustenableng aksyon na mapakikinabangan ang mga ikabubuhay nang hindi nakakasama sa hinaharap







## Ang mga bata sa buong mundo ay nagsasabi sa mga taong nasa hustong gulang at pamahalaan na gusto nilang mamuhay at lumaki sa isang malusog na kapaligiran.

Para matulungan ang lahat sa rehiyon ng ASEAN na protektahan at igalang ang karapatan ng mga bata sa malusog na kapaligiran, tatlong ahensya ng United Nations ang nakipagtulungan sa mga bata at mga eksperto para buuin ang mga Prinsipyo at Gabay sa Patakaran.

UN environment programme

unicef for every child

UNITED NATIONS HUMAN RIGHTS OFFICE OF THE HIGH COMMISSIONER
South-East Asia Regional Office



# Ano ang mga Prinsipyo at Gabay sa Patakaran?


Ang Mga Prinsipyo ay ang mga pangunahing tuntun-in na kailangang sundin ng lahat upang matiyak na matatamasa ng mga bata ang kanilang karapatan sa malusog na kapaligiran. Sa kabuuan, may 37 na Mga Prinsipyo.

Ang Gabay sa Patakaran ay nagbibigay ng mga direksyon sa mga pamahalaan, negosyo, komunidad, medya, at mga bata kung paano sundin ang mga




## Alam mo ba?

Ayon sa United Nations, ang mga bata ay yaong mga taong nabubuhay mula sa kanilang kapanganakan hanggang sa sila ay 18 taong gulang, kung kailan sila ay nagiging young adults o kabataan.



# ANG MGA PRINISIPYO

Ano ang dapat tandaan ng lahat sa rehiyon ng ASEAN kapag gumagawa ng mga desisyon at gagawa ng mga aksyon na nakakaapekto sa mga bata at kapaligiran?



1

### MALUSOG NA KAPALIGIRAN

Ang lahat ng bata ay may karapatang mamuhay at lumaki sa isang malusog na kapaligiran.



2

### PAKIKILAHOK NG BATA

Ang lahat ng bata ay may karapatang magbahagi ng kanilang mga pananaw at lumahok sa paggawa ng mga desisyon na makakaapekto sa kanila at sa kanilang karapatan sa isang malusog na kapaligiran.



3

### IIMPORMASYON NA NAKABUBUTI SA MGA BATA

Ang lahat ng bata ay may karapatang makakuha ng impormasyon para sa pamumuhay sa isang malusog na kapaligiran sa wikang kanilang naiintindihan at sa mga paraan na nakakapag-interes sa kanila.



4

### EDUKASYON TUNGKOL SA KAPALIGIRAN

Ang lahat ng bata ay may karapatang matuto tungkol sa kapaligiran at kung paano ito protektahan



5

### PAGLARO

Ang lahat ng bata ay may karapatang maglaro nang ligtas sa labas ng bahay sa isang malusog na kapaligiran



6

### PROTEKSYON MULA SA PAGBABAGO NG KLIMA AT LIKAS NA KAPALIGIRAN

Ang lahat ng bata ay may karapatang maprotektahan mula sa lahat ng uri ng pinsalang dulot ng pagbabago ng klima, polusyon at pagkawala ng mga halaman, hayop, at iba pang likas na yaman.



7

### PAGHINTO SA NAKASISIRANG NEGOSYO

Ang lahat ng bata ay may karapatang maprotektahan mula sa lahat ng uri ng pinsalang dulot ng mga aktibidad sa negosyo.



8

### PRESENSYA NG TULONG

Ang lahat ng bata ay may karapatang humingi at tumanggap ng suporta at makakuha ng hustisyang nararapat para sa bata kapag nakaranas sila ng pinsalang dulot ng mga paglabag sa kanilang karapatan sa isang malusog na kapaligiran.



9

### PROTEKSYON MULA SA KARAHASAN

Ang lahat ng bata ay may karapatang maprotektahan mula sa lahat ng uri ng pagbabanta o problema kapag humihiling sila ng paggalang sa kanilang karapatan sa isang malusog na kapaligiran at kapag naghahanap sila ng hustisya kung ang kanilang mga karapatan

May 28 iba pang partikular na Prinsipyo tungkol sa pagprotekta sa karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran

**!** **Tandaan!** Ito ay para sa lahat ng bata. Hindi mahalaga kung sino o saan ka nakatira. Ang lahat ng bata, kabilang ka, ay may mga karapatang ito.

# ANG GABAY NG PATAKARAN

Paano makatutulong ang lahat sa pagtiyak na may malusog na kapaligiran para sa mga bata?

## Ang mga pamahalaan ay maaaring...



- Gumawa ng mga batas at tuntunin na gumagalang sa Mga Prinsipyong ito, kabilang ang mga patakaran para sa mga negosyo
- Magsiguro na lumalahok ang mga bata sa paggawa ng mga desisyon, na may impormasyon na mauunawaan nila
- Magsiguro na ang mga paaralan ay nagbibigay ng edukasyon tungkol sa kapaligiran
- Magsiguro sa pagbibigay ng sapat na badyet upang gawing posible ang lahat ng mga pagkilos na ito para maprotektahan ang karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran

## Mga negosyo ay maaaring...



- Palaging magsuri kung paano makakaapekto ang negosyo sa mga bata at kapaligiran, at kung paano maiwasan ang mga aktibidad na maaaring magdulot ng pinsala
- Magsiguro na nauunawaan at iginagalang ng lahat ng sangkot sa negosyo ang karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran
- Makinig sa boses ng mga bata bago gumawa ng desisyon sa negosyo

## Ang mga komunidad ay maaaring...



- Tumulong sa mga bata na protektahan ang kanilang karapatan sa isang malusog na kapaligiran sa isang ligtas na paraan
- Makipagtulungan sa mga bata upang ipakilala ang magagandang kagawian para sa kapaligiran kung saan sila nakatira, tulad ng 'reduce-reuse-recycle'
- Sumuporta sa gobyerno, paaralan, negosyo, at komunidad na igalang ang mga prinsipyo


## Ang medya ay maaaring...




- Mag-ulat tungkol sa mabubuti at di mabubuting ginagawa ng pamahalaan at negosyo sa paggalang sa karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran
- Gumawa ng impormasyon para sa mga bata tungkol sa kapaligiran
- Mag-ulat tungkol sa magagandang aktibidad na ginawa ng mga bata upang protektahan ang kapaligiran at labanan ang pagbabago ng klima

Ito ay isang maikling listahan lamang ng mga bagay na maaaring gawin ng mga magulang, guro, at iba pang nakatatanda. Marami pa silang magagawa para mabuhay at lumaki ang mga bata sa isang malusog na kapaligiran.








# ANO ANG MAGAGAWA NG MGA BATA?

## Matuto



Sa paaralan-- sabihin sa iyong mga guro at sa iyong mga magulang na gusto mong malaman ang tungkol sa kapaligiran at tungkol sa karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran



Sa sarili – magbasa ng mga libro, manood ng mga bidyo, at sumali sa mga aktibidad na nagtuturo tungkol sa kapaligiran

## Makipag-usap



Sabihin sa ibang bata at nakatatanda, kabilang ang iyong mga magulang, kung ano ang iyong natutuhan tungkol sa kapaligiran at sa karapatan ng mga bata sa isang malusog na kapaligiran



Gumamit ng social media para sabihin sa iba kung ano ang iyong ginagawa para protektahan ang kapaligiran



Ipaalam sa iyong mga guro na gusto mo ng impormasyon tungkol sa kapaligiran at pagbabago ng klima



## Maglaro



Sabihin sa iyong mga magulang at nakatatanda na kailangan mo ng ligtas na lugar para maglaro



Maghanap ng mga bagay na gagawin na nagpoprotekta sa kapaligiran at nagbibigay din ng kasiyahan

## Makilahok



Tumulong sa pagbuo ng mga grupo sa iyong komunidad at lumahok sa mga grupo para sa mga bata na nagtatrabaho upang protektahan ang kapaligiran at labanan ang pagbabago ng klima



**Lumahok sa mga panrehiyon at internasyonal na kampanya at grupo:**

- Children's Environmental Rights Initiative (CERI)
- ASEAN Youth Organization
- United Nations Major Group on Children and Youth
- Asia Pacific Regional Youth Caucus
- UNEP Major Group on Children and Youth



## Magtaguyod




Sabihin sa iyong mga magulang, iyong mga guro, at mga lider sa iyong komunidad na ang mga bata ay dapat na kasama sa paggawa ng mga desisyon na makakaapekto sa kanilang karapatan sa isang malusog na kapaligiran



Magmatyag sa anumang mga nangyayari sa kapaligiran kung saan ka nakatira at kung paano ito makakaapekto sa mga taong nasa paligid mo




Kapag ang iyong mga karapatan sa isang malusog na kapaligiran ay hindi iginagalang, tanungin ang mga grupong sinalihan mo para tulungan kang gumawa ng sumbong



**Ang United Nations Convention on the Rights of the Child ay isang mahalagang kasunduan ng mga bansang nangakong protektahan ang mga karapatan ng mga bata. Ipinapaliwanag ng Convention on the Rights of the Child kung sino ang mga bata, ang lahat ng kanilang karapatan, at ang mga responsibilidad ng mga pamahalaan. Ang lahat ng karapatan ay konektado, pantay sa kahalagahan, at hindi maaaring ipagkait sa mga bata. Ang mga pamahalaan ng lahat ng bansa sa rehiyon ng ASEAN ay sumang-ayon sa Convention on the Rights of the Child.**

Ang child-friendly o nakabubuti sa bata na hustisya ay gumagalang sa iyong mga karapatan bilang bata, sa paraang isinasaalang-alang at inaaangkop sa iyong edad, iyong mga pangangailangan, iyong sitwasyon, at iyong pag-unawa. Ito ay hustisya na maaaring makamit ng sinumang bata, mabilis, at pinahahalagahan ang iyong boses sa buong proseso. Ito ay idinisenyo upang bawasan ang pinsalang maaaring maranasan mo sa prosesong ito, at tinutulungan ka nitong protektahan ang iyong mga karapatan.

# PAGKILALA

Ang maikling impormasyon na ito para sa mga bata na pinamagatang *Mga Prinsipyo at Gabay sa Patakaran: Karapatan ng Mga Bata sa Ligtas, Malinis, Malusog at Sustenable na Kapaligiran sa Rehiyon ng ASEAN* ay ginawa sa pakikipagtulungan sa mga batang may edad 14-18 taong gulang mula sa Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

**Disenyo/Produksyon: QUO Bangkok**

Ang maikling impormasyong ito ay nabuo noong Nobyembre 2021.

Ang UNEP, UNICEF, UN Human Rights, at Child Rights Coalition Asia ay hindi mananagot sa anumang kahihinatnan na nagmumula sa muling paggamit ng publikasyong ito.

Ang pagsasalin nitong dokumento sa Filipino ay may pagsuporta galing sa terre des hommes-Germany.

**MGA KATANUNGAN? MAKIPAG-UGNAYAN SA:**

**United Nations Environment Programme (UNEP)**
uneproap@un.org

**United Nations Children's Fund (UNICEF)**
asiapacificinfo@unicef.org

**United Nations Human Rights (OHCHR)**
ohchr.bangkok@un.org

**Child Rights Coalition Asia (CRC Asia)**
secretariat@crcasia.org

**terre des hommes Germany in Southeast Asia**
info@tdhgsea.org

UN environment programme 50 1972-2022 | UNITED NATIONS HUMAN RIGHTS OFFICE OF THE HIGH COMMISSIONER South-East Asia Regional Office | unicef for every child | Child Rights Coalition Asia | terre des hommes Help for Children in Need